## Ano ang mga detalye ng pagsusuri na isinasagawa sa isang institusyon ng precision hearing test?

Nagsasagawa ng Auditory Brainstem Response (ABR) test, at may obserbasyon rin sa reaksyon ng sanggol sa mga tunog. Maaaring painumin ang sanggol ng kaunting pampatulog depende sa kanyang edad para sa ABR test, ngunit wala itong magiging epekto sa kanyang katawan.

## Gabay sa Pag-unlad ng Pagsasalita at Pagdinig

### Bagong panganak hanggang 3 buwan

- ○Nagugulat sa biglaang malakas na tunog
- ○Nagigising o umiiyak kapag may nagsasalita o nag-iingay
- ○Nakikilala ng sanggol ang boses ng ina at tila nakikinig kapag kinakausap

### 3 hanggang 6 na buwan

- ○Tumitingin sa pinanggagalingan ng kinaiinteresang tunog at dahan-dahan itong hinahanap
- ○Maoobserbahang tila nakikinig sa mga tunog
- ○Nagigising kaagad sa ingay

### 6 hanggang 12 buwan

- ○Agad na napapansin ang maliliit na tunog at tumingin sa direksyon na pinanggalingan ng tunog
- ○Naiintindihan ang mga salita tulad ng "bawal" at "bye-bye"



### 12 buwan at pataas

- ○Nagsisimulang gayahin ang mga salita
- ○Nagsisimulang magsabi ng mga salita gaya ng "mama"

Inilunsad ng Lalawigan ng Shizuoka ang Newborn Hearing Screening Management Support System na ito para sa patuloy na paggabay sa sanggol at sa magulang matapos ang newborn hearing screening.
Ang sistemang ito ay hindi nangongolekta ng personal na impormasyon at sa halip ay gumagamit ng QR code bilang hearing ID para sa rehistrasyon at pamamahala.
Ang QR code na ito ay matatagpuan sa ibaba ng Newborn Hearing Screening history sa inyong maternal and child health (MCH) handbook.

Ang iba pang impormasyon tungkol sa Newborn Hearing Screening Management Support System, pagkabingi (nanchou), at pagsusuri dito ay matatagpuan sa website ng Early Childhood Hearing Support Center.

Website

## Mga Institusyon na may Precision Hearing Test sa Lalawigan ng Shizuoka

◎ **Numazu City Hospital Department of Otolaryngology**
550 Harunoki, Higashishiji, Numazu City　**055-924-5100**

◎ **Shizuoka General Hospital Department of Otolaryngology**
4-27-1 Kitaando, Aoi-ku, Shizuoka City　**054-247-6111**

◎ **Seirei Hamamatsu Hospital Department of Otolaryngology**
2-12-12 Sumiyoshi, Chuo-ku, Hamamatsu City　**053-474-2222**

◎ **Hamamatsu University Hospital Department of Otolaryngology**
1-20-1 Handayama, Chuo Ward, Hamamatsu City　**053-435-2111**

# Pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol

# Tungkol sa Newborn Hearing Screening




**Shizuoka Prefecture Infant Hearing Support Center**
Shizuoka General Hospital Hearing and Speech Center
4-27-1 Kitaando, Aoi-ku, Shizuoka-shi, Lalawigan ng Shizuoka, 420-8527
TEL: 054 (247) 6111　FAX: 054 (247) 6171
E-mail: gh-nyuyoji-asc@i.shizuoka-pho.jp

## Ang mga sanggol ay nakakarinig ng mga tunog kahit na sila ay nasa sinapupunan pa ng kanilang ina.



Matapos ipanganak, lumalaki sila na nakikinig sa mga salita at paghele ng kanilang ina, pati na rin sa mga tunog ng iba't-ibang mga laruan.
Sinasabing 1 hanggang 2 sa bawat 1,000 na sanggol ang ipinanganak na may problema sa pandinig sa magkabilang tainga. Kung hindi mapapansin ng mga nasa paligid ng isang sanggol ang kanyang problema sa pandinig, ang sanggol ay hindi makakakuha ng mahahalagang karanasan na makakatulong sa kanya na matuto ng wika.
Hindi mo masasabi sa hitsura lamang ng isang sanggol kung siya ay nakakarinig. Mahalaga para sa mga pamilya na mapansin nang maaga ang mga palatandaan ng problema sa pandinig.



## Ang pagsusuri sa pandinig ng bagong panganak ay isang pagsusuri na idinisenyo upang makita nang maaga pagkawala ng pandinig sa mga sanggol.



Ginagawa ang pagsusuri habang ang sanggol ay mahimbing na natutulog, tulad ng pagkatapos ng pagpapasuso, sa anumang oras matapos ipanganak hanggang bago lumabas mula sa ospital.
Tumatagal ng humigit-kumulang 10 minuto ang pagsusuri. Hindi ito masakit, at walang gagamiting anumang gamot.

# Mga Karaniwang Tanong tungkol sa Newborn Hearing Screening



**T** Dapat bang ipasuri ang pandinig ng sanggol?

**S** Ang pandinig ay mahalaga sa pagpapaunlad ng pagsasalita. Kahit na ang isang bata ay ipinanganak na mahina ang pandinig, maaari pa ring mapaunlad ang pagsasalita kung ang sapat na pangangalaga ay gagawin.
Ang pagsusuri ay para sa maagap na pagtukoy kung may problema sa pandinig ang sanggol. Gayunpaman, mayroong ilan na nag-aalala kung paano papalakihin ang kanilang anak habang naghihintay ng resulta. Mangyaring komunsulta sa public health nurse sa health center na malapit sa inyo o sa Shizuoka Prefecture Infant Hearing Support Center kung may alalahanin tungkol dito.
<u>Kung hindi agad maipasusuri ang sanggol dahil sa hindi maiiwasang dahilan gaya ng panganganak sa labas ng Lalawigan, mangyaring kumunsulta nang maagap sa health center na malapit sa inyo.</u>

**T** Magkano ang pagsusulit?

**S** Mayroong grant ang Lalawigan na sasagot sa gastusin sa pagsusuri. Mangyaring punan ang Newborn Hearing Screening Availment Form (shinseiji choukaku sukuri-ningu kensa jushin-hyou) na makukuha sa lokal na health center, at ipasa ito sa institusyon kung saan manganganak.

**T** Sinabihan ako ng "pass" sa panahon ng screening. Ano ang ibig sabihin nito?

**S** Ang kakayahan sa pagdinig ay normal sa oras ng pagsusulit. Gayunpaman, kahit na ang isang bata ay ipinanganak na may normal na pandinig, maaari silang magkaroon ng pagkawala ng pandinig habang sila ay lumalaki dahil sa middle ear infection, beke, meningitis, atbp., at may mga kaso rin ng unti-unting humihina ang pandinig hanggang tuluyang mawala ito. Obserbahan ng mabuti ang pag-unlad ng pandinig ng iyong anak sa pamamagitan ng mother and child health (MCH) handbook at iba pang gabay.

**T** Sinabihan ako ng "refer" o "youseisa" sa panahon ng screening. Ano ang ibig sabihin nito?

**S** Ang resultang ito ay hindi direktang nangangahulugang bingi ang sanggol.
Hindi konklusibo ang resulta kung ang sanggol ay magalaw sa screening, o mayroong tutuli sa tainga. Mangyaring kumuha ng referral letter mula sa iyong obstetrician at magpasuri sa precision hearing para mas maging sigurado.